Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

* * * * * * * * * * * * * * * * * * *

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 137

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

* * * * * * * * * * * * * * * * * * *

# KAPASIYAHAN BLG. 385
**Serye ng 2024**

**KAPASIYAHAN** NA NAGHIHIKAYAT SA MGA MAMAMAYAN, BARANGGAY, ESKWELAHAN, SIMBAHAN, OSPITAL, PAMILIHANG BAYAN AT SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG MAYNILA NA PATULOY NA PAIGTINGIN ANG MAGAGANDANG HAKBANGIN PATUNGKOL SA PAG-IWAS AT PAGLABAN SA SERYOSONG BANTA NG DENGUE NGAYONG PANAHON NG TAG-ULAN

MGA MAY AKDA: **KGG.RICARDO "Boy" A. ISIP, JR.**, KGG.BENNY FOG T. ABANTE III, KGG.IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG.TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG.DON JUAN "DJ" BAGATSING, KGG.CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG.LOUISITO N. CHUA, KGG.ROBERTO S. ESPIRITU II, KGG.PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG.JAYBEE S. HIZON, KGG.MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG.RODOLFO N. LACSAMANA, KGG.MOISES T. LIM, KGG.NUMERO G. LIM, KGG.CHARRY R. ORTEGA, KGG.ELMER M. PAR, KGG.LOUISA MARIE "Lady" J. QUINTOS-TAN, KGG.SCIENCE A. REYES, KGG.DARWIN B. SIA, KGG.LUCIANO M. VELOSO, KGG.JOEL "JTV" VILLANUEVA, KGG.RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG.TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL, KGG.JULIANA RAE M. IBAY, **KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.**, Punong Mayorya at **KGG.JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ**, Pansamantalang Taga Pangulo

SAPAGKAT, ang dengue ay isang nakamamatay na sakit sanhi ng kagat ng isang uri ng lamok o Aedes Aegypti na kung saan ang biktima ay nakararanas ng matagalang lagnat, pananakit ng kalamnan at iba pang sintomas nito;

SAPAGKAT, base sa datos ng Kagawaran ng Kalusugan, simula ika-1 ng Enero hanggang ika-4 ng Mayo 2024, 164 na ang mga pumanaw sanhi ng dengue;

SAPAGKAT, mahigit kumulang 59,267 kaso ng dengue ang naitala na sa buong bansa ngayong taong kasalukuyan na tumaas kumpara noong nakaraang taon na 45,722 kaso ng dengue;

SAPAGKAT, sa buong Metro Manila, 5,258 ang naitalang kaso ng dengue sa unang apat na buwan ng taong kasalukuyan, kung saan sa Lungsod ng Maynila ay naitala ang mahigit kumulang 351 kaso ng dengue mula Enero hanggang Abril ayon sa datos ng Manila Health Department (MHD);

SAPAGKAT, hinihikayat ang bawat isa na pangalagaan ang sarili laban sa kagat ng lamok sa pamamagitan ng paggamit ng "5S" kontra dengue:

1S – Suyurin at sirain ang pinamumugaran ng mga lamok;
2S – Sarili ay protektahan laban sa lamok;
3S – Sumangguni agad sa pinakamalapit na pagamutan;
4S – Sumuporta sa pagpapa-usok kapag may banta ng outbreak;
5S – Sustain Hydration;

SAPAGKAT, ang buwan ng Hunyo ay tinaguriang "National Dengue Awareness Month";

SAPAGKAT, ang mga insidente ng dengue ay inaasahang lalong dadami ngayong darating na tag-ulan dahil sa pagdami ng mga breeding sites: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPINASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na naghihikayat sa mga mamamayan, barangay, eskwelahan, simbahan, ospital, pamilihang bayan, at sa pamahalaang Lungsod ng Maynila na patuloy na paigtingin ang magagandang hakbangin patungkol sa pag-iwas at paglaban sa seryosong banta ng dengue ngayong panahon ng tag-ulan; at MULING MANGYARING

IPINASIYA, na ang mga sipi ng Kapasiyahan na ito ay maipamahagi sa tanggapan ng mga barangay sa Lungsod ng Maynila, Tanggapan ng Kagawaran ng Kalusugan, tanggapan ng Division of City Schools, tanggapan ng simbahan, tanggapan ng pampublikong pamilihan, tanggapan ng pampublikong ospital at Tanggapan ng Punong Lungsod.

**PINAMUNUAN NI:**

**JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ**
Pansamantalang Taga Pangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 28 ng Mayo 2024.

**PINATUNAYAN:**

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

**RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/eys**